**Shikshan Sanshodhan : Journal of Arts, Humanities and Social Sciences** ISSN(o): 2581-6241
Monthly, Peer-Reviewed, Refereed, Indexed Journal Impact Factor: 7.384
Volume - 7, Issue - 8, August - 2024

DOIs:10.2018/SS/202408006 --:-- Research Paper / Article / Review

# Pagsipat sa mga Panlipunang Kaganapan sa mga Tula ng Kamayo: Isang Mimesis na Pagsusuri

**[1]Erwin R. Bucjan, [2]Mardie E. Bucjan**
Professors, Department of Languages, North Eastern Mindanao State University, Tandag City
**Email -** [1] erbucjan@nemsu.edu.ph, [2] mardiebucjan5.gmail.com

***Abstrak:*** *Pangunahing layunin ng pag-aaral na itong makolekta at masuri ang mga tula ng mga Kamayo sa Surigao del Sur at mailarawan ang mga panlipunang kaganapan na makikita sa mga tula. Ito'y isang kwalitatibong disenyo ng pag-aaral. Purposive sampling ang ginamit sa pagpili ng mga impormante upang maging kalahok. Dalawampung impormante (20) ang naging kalahok sa pag-aaral gamit ang indibiduwal na pakikipanayam sa probinsiya ng Surigao del Sur, Philippines. Teoryang mimesis naman ang pinagbabatayan ng pananaliksik sa pagsusuri ng mga tula. Napag-alaman na ang mga tula ng Kamayo ay isang sining na nagpapakita ng mga aspeto ng totoong buhay at lipunan sa pamamagitan ng paglalarawan ng mga tao, hayop at mga pang araw-araw na gawain. Ipinapakita rin ang tunay na kalikasan, karanasan at mga pangyayaring makatotohanan bilang ugnayan ng mga ito sa lipunan. Sa kabuuan, matibay na ang mga tula ng Kamayo ay hindi lamang mga simpleng likha ng panitikang-bayan, bagkus ay mga salamin sa tunay na buhay at lipunan. Ang mga natuklasan ay nagbibigay ng pagkakataon para sa pagpapalalim ng kaalaman at pang-unawa ng mga tao sa lipunan at ang konteksto ng kanilang pamumuhay. Ito'y nagbibigay din ng daan para sa pagpapalakas ng kanilang kultura na patuloy na bumubuhay at nag-aambag sa lipunan.*

***Mga susing salita:*** *Kamayo mimesis tula kamalayan purposive sampling.*

## 1. INTRODUKSIYON:

Ang Pilipinas ay kilala sa kanyang kayamanan sa panitikan. Maraming mga akda ang nalikha at nagpasalin-salin mula sa henerasyon hanggang sa kasalukuyan. Ayon kay Hornedo (1994), ang mga tula at mga kuwentong bayan ay patuloy na nagpapahayag ng kamalayan at kultura ng mga Pilipino. Ang mga kuwentong bayan ay naglalaman ng mga tradisyon, paniniwala, kwento, at mga kasabihan na nagpapakita ng mga makabuluhang karanasan ng mga ninuno natin. Ang mga tula na isinulat ng mga Kamayo ay nagpapahayag ng kanilang mga saloobin, pangarap, at mga hamon na kanilang kinakaharap. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga ito, naglalayon ang pananaliksik na maunawaan ang kanilang kamalayan at kung paano ito naipapahayag sa kanilang mga tula.

Ang panitikan ay isang salamin ng ating lahi, na naglalaman ng mga karanasan, kultura, paniniwala, pamahiin, kaisipan, at mga pangarap ng isang bansa. Ito ay ipinapahayag sa pamamagitan ng mga piling salita sa isang maganda at masining na paraan, maging ito ay nakasulat o hindi, ayon kay Dela Concha at Lamberto (pag-aaral ni Sandoval et al., 2009). Ang panitikan ay may malaking papel sa kultura at kasaysayan ng isang bansa, dahil ito ay nagpapakita ng mga pananaw ng komunidad, sistema ng sining, at wikang ginagamit, ayon kay Campos (1990).

Sa larangan ng sining, mahalaga ang pagsusuri sa mga akdang pampanitikan. Ito ay nagbibigay-buhay at nagbibigay-diwa sa mga likhang sining, ayon kina Mendiola at Ramos (1994). Ang pagbibigay interpretasyon ay laging kaugnay ng pagsusuri at laging magkaugnay, ayon kina Santos at Tayag (2011). Ang interpretasyon at teorya ay hindi maaaring hiwalay, dahil kapag nag-iinterpret ng isang teksto, ito ay ginagawa mula sa isang teoretikal na perspektibo, kahit na hindi natin ito napapansin. Hindi maaaring mabuhay ang teorya nang wala ang interpretasyon.

Sa isang pagsusuri ni Reyes (2013) sa bugtong ng hangin, ito ay tumutukoy sa ating lipunan, pagmamahal sa kalikasan, at pagtiwala kahit sa mga bagay na hindi nakikita. Ang lipunang Pilipino ay nagtitiwala na may tutugon sa kanyang mga daing, kahit na ito ay hindi nakikita. Sa paglalaro ng wika, ang salitang "Panginoon" ay may salitang-ugat na "tuon," na nagpapahiwatig na mayroong taga-tuon sa ating mga daing. Ang lipunang Pilipino ay nagtitiwala sa mga bagay na hindi nakikita at tinatanggap ito nang buong-puso. Sa pag-aaral nina Tao-on at iba pa (2012) sa mga Manobo, natuklasan nila ang pagbibigay respeto sa pamilya at pagtuturo ng mga magagandang asal sa mga anak. Natuklasan din

nila ang katapatan at tibay ng loob ng mga Manobo. Sa pag-aaral ni Ringgo (2009) sa Ang Alamat ng Gubat, natuklasan niya ang makabuluhang kaisipan tungkol sa buhay at pulitika na ipinapahayag sa pamamagitan ng mga tauhan na kumikilos na parang tao, na ipinapakita sa makukulay na larawan.

Nakikita pa ring buhay ang poklor sa ilang barangay sa Ozamiz, ayon kina Mata at Rufina. Ito ay kinabibilangan ng mga anekdota, etyolohikal at di-etyolohikal na alamat, mga awiting bayan tulad ng oyayi, kundiman, balak, talindaw, at mga awit panrelihiyon. Bukod dito, mayroon ding mga karunungang bayan tulad ng pamahiin, bugtong, palaisipan, at mga kasabihan. Ang mga tala na ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng panitikan sa pagpapahayag ng kamalayan, kultura, at kasaysayan ng isang bansa. Sa pamamagitan ng pagsusuri at interpretasyon ng mga akdang pampanitikan, nagiging buhay at may saysay ang mga likhang sining. Ang mga kuwentong bayan at mga tula ay nagpapakita ng mga karanasan at paniniwala ng mga Pilipino, at nagbibigay ng pag-asa at inspirasyon sa mga susunod na henerasyon.

Sa kasalukuyan, iilan lamang ang mga panitikang Kamayo ang ginamitaan ng pagsusuri bilang produkto ng pa-aaral. Ang pananaliksik na ito, ay nakatuon sa pagsusuri sa mga tula na naglalayong ipahayag ang kamalayan ng mga Kamayo, hinggil sa lipunang kaganapan sa lugar. Ang pananaliksik na ito ay mahalaga hindi lamang para sa mga akademiko na interesado sa panitikan at kultura ng Kamayo, kundi pati na rin sa mga Kamayo mismo. Sa pamamagitan ng pag-unawa sa kanilang kamalayan, maaaring matulungan ang mga Kamayo na mapalakas ang kanilang sariling identidad at kultura, at maaaring magbigay ideya sa mga patakaran at programa na nakatuon sa kanila.

## 2. METODOLOHIYA:

Ito'y isang kwalitatibong disenyo ng pag-aaral. *Purposive sampling* ang ginamit sa pagpili ng mga impormante upang maging kalahok. Ang purposive sampling ay kilala bilang *selective sampling*, ito ay isang teknik ng hindi-probabilistikong pagkuha ng sample kung saan ang mga kalahok ay maingat na pinipili ng mga mananaliksik batay sa partikular na mga kriteria upang magbibigay ng mahalagang kaalaman o impormasyon kaugnay ng mga layunin ng pag-aaral (Creswell & Creswell 2017). Dalawampung impormante (20) ang naging kalahok sa pag-aaral gamit ang indibiduwal na pakikipanayam sa probinsiya ng Surigao del Sur. Deskriptibong analisis naman ang ginamit sa pagsusuri ng mga tula. Pagkatapos ng analisis at interpretasyon ng mga datos ay bumalik ang mga mananaliksik sa mga impormante para sa balidasyon sa resulta ng pag-aaral.

Teoryang *mimesis* ang pinagbabatayan ng pananaliksik. Ang teoryang mimesis ay isang konsepto sa sining at panitikan na nagmumula sa mga pananaw ng sinaunang Griyego. Ito ay tumutukoy sa proseso ng paggaya o pagkukunwari ng tunay na buhay sa sining o panitikan. Sa teoryang ito, ang sining ay naglalayong manggaya o magtangkang ibahagi ang karanasan at realidad ng tao, sa pamamagitan ng paglalarawan ng mga pangyayari, karakter, at emosyon na maaaring maging kapareho o kaugnay sa totoong buhay ayon kay Plato (2007).

## 3. ETIKAL NA KONSIDERASYON:

Sa pangongolekta ng oral na panitikan lalo na ang mga tula ay isinaalang- alang ang mga sumusunod na etikal na konsiderasyon para sa mga impormante:

Bago ang aktuwal na pananaliksik, humingi muna ng consent o pagpayag ang mga mananaliksik sa mga impormante. Ipinapaliwanag sa lahat ng impormante ang layunin, kaligiran, at proseso ng pananaliksik. Ipinapaliwanag din ang kanilang papel, ang kahalagahan ng kanilang kontribusyon, at ang kanilang karapatan na tumanggi sa pagsali sa pananaliksik.

Iniingatan at pinoprotektahan ang pagkakakilanlan ng mga impormante sa pamamagitan ng pagsiguro na ang kanilang impormasyon ay mananatiling kumpidensyal. Hindi ito ibubunyag kahit kanino nang walang pahintulot ng mga impormante, maliban na lang kung ito ay kinakailangan ng batas o nagdudulot ng anumang panganib.

Pinapanatili ang kalayaan ng mga impormante na pumili kung nais nilang makilahok at magpatuloy kaugnay sa pananaliksik. Hindi sila pinipuwersa at iniimpluwensiyahan sa anumang paraan na makasagabal sa kanilang pagiging malaya at búkas ang kanilang kalooban sa pakikilahok.

Sinisiguro ang paggalang at respeto ng pagkakaiba-iba ng bawat isa. Binibigyang pansin ang kultural na konteksto at sensitibidad ng mga impormante. Ipinapakita ang paggalang ng kanilang kultura, tradisyon, at paniniwala sa pagpaplano at pagpapatupad ng pananaliksik. Hindi kailanman ipinapakita ang anumang uri ng diskriminasyon o pagsasamantala.

Ang pananaliksik ay nagbigay pansin sa kabutihan ng mga impormante at ng kanilang komunidad. Tinitiyak na walang masamang epekto ang kanilang paglahok, at kung mayroon man, agad itong aksyunan at solusyunan.

Sinisigurong tama at maayos ang koleksiyon at interpretasyon ng mga datos. Walang pagbabago, pagpapalabnaw at pagdaragdag ng anumang impormasyong ibinahagi ng mga partesipante. Sa ganun, ay mapanatili ang integridad ng datos at tiwala ng mga kalahok sa pananaliksik. Ipinapakita naman ang lubos na pasasalamat sa mga impormante sa kanilang matagumpay na pakikilahok at binigyang halaga ang kanilang kontribusyon sa pag-aaral.

## 4. RESULTA AT DISKUSYON NG PAG-AARAL:

Labing-tatlo ang nakolektang mga tula sa pagaaral. Ang mga tula ay nagpapakita ng mga paglalarawan ng mga kaganapan sa lipunan ng mga Kamayo. Makikita ang pagsusuri sa ibaba ng bawat tula.

### 4.1 Ako si Umang:

Ang tulang "Ako si Umang" ay maaaring maunawaan bilang isang representasyon ng mga pangyayari o sitwasyon sa tunay na buhay, sinusubukan ng tula na hagipin ang katotohanan o realidad. Ang tula ay naglalarawan ng mga pangyayari sa isang palengke o merkado, kung saan may mga uri ng lamang dagat tulad ng talangka, alimango, tabugok, pugita, hipon, at ibang hayop tulad ng palaka. Sa pamamagitan ng mga hayop na ito, ipinapakita ng tula ang mga karaniwang karanasan sa pamilihan at ang ginagawa ng mga tao sa araw-araw na pamumuhay sa lugar.

Ang paglalarawan sa pakikipaglaban ng mga hayop tulad ng lamang dagat at iba pa, ay maaaring tingnan bilang isang anyo ng mimesis, kung saan ang mga ito ay tumatayong mga simbolo o representasyon ng mga karanasang pantao. Ang tula ay nagpapakita ng mga aspeto sa totoong buhay at lipunan. Sa pamamagitan ng pagsasalarawan sa mga hayop at kanilang mga kilos o gawain ay nagpapakita ito ng mga pagkakatulad sa karanasang pantao.

Sa pamamagitan ng pagsasalarawan sa mga hayop at kanilang mga gawain tulad ng linyang *"Tabugok at pugita sila'y nagbebenta"*. Ipinapakita nito ang mga katulad na karanasan at sitwasyon sa tunay na buhay ng mga tao sa pamilihan at sa kanilang pang-araw-araw na pamumuhay. Sa pamamagitan ng paglalarawan sa pakikipaglaban ng mga hayop sa paligid tulad ng pagbebenta at pagtangkilik ng produkto, ipinapakita ng tula ang mga katulad na karanasan at sitwasyon sa tunay na buhay ng mga tao.

### 4.2 Isang Gabi:

Sa konteksto ng tula, ang pangyayaring paggambala sa pagkagat ng lamok, pagsasabi na napautot at ang resultang pagpatay sa lamok ay maaaring tingnan bilang isang uri ng mimesis o paghahalimbawa ng mga pangyayari sa totoong buhay. Ang tula ay nagpapakita ng imitasyon sa tunay na pangyayari o karanasan, kung saan ang tagapaglahad ay naglalarawan ng isang pangyayaring naganap sa kanyang buhay.

Makikita sa linya ng tula ang *"Isang gabi ako'y natulog, Buwisit na lamok nangangagat"* dito ay ipinapakita ang karanasang pagka-antok ng isang tao at ang pagiging abala ng lamok sa pangangagat sa kanya. Ito'y nagbibigay-diin sa personal na karanasan ng awtor, kung saan ipinapakita ang pangyayaring nararanasan niya sa isang partikular na gabi. Sa pamamagitan ng mga detalye tulad ng pagkaantok, pangangagat ng lamok, at pagpatay sa lamok ay ipinapakita ng makata ang kanyang tunay na karanasan. Ito ay isang simpleng paglalarawan ng karaniwang karanasan ng maraming tao na nakararanas ng abala mula sa mga insekto, partikular na sa mga lamok tuwing gabi.

Ang tula ay nagpapakita ng pagiging totoo sa buhay o realidad, kung saan ang pangyayaring ipinapakita ay maaaring naranasan ng sinuman. Ang mga pangyayari sa tula ay hindi imbento lamang kundi nagmula sa totoong buhay ng awtor, kaya't nagbibigay ito ng karanasang maaaring maunawaan at maipamalas sa iba.

Bilang karagdagan, ang tula ay nagsasalaysay ng mga pangkaraniwang karanasan na nakakatawa o nakakatuwa sa mga mambabasa. Ito ay isang halimbawa ng totoong pangyayari upang magbigay ng aliw o reaksyon sa mga mambabasa. Sa konteksto ng tula, nakatuon ito sa paglalarawan ng pangyayari na naganap sa gabi.

Sa pangalawang taludtod, ang awtor ay naglalarawan ng kanyang reaksyon sa pagkagat ng lamok, *"Buwisit na lamok, kagat nang kagat, Dahil sa kati ako'y napautot".* Ipinapakita ng persona ang linyang ito na humantong sa hindi inaasahang pangyayari, ang pag-utot. Ang ganitong uri ng pangyayari ay maaaring maging totoo sa maraming tao at nagpapakita ng pagkakapareho sa pang-araw-araw na buhay.

Sa panghuling taludtod, ang tula ay nagtatapos sa isang komikong kaganapan kung saan ang lamok ay pinatay ng amoy ng utot *"Ang buwisit na lamok napatay, Sa baho ng aking utot"*. Ito ay maaaring tingnan bilang isang pagsasalarawan na hindi kapani-paniwalang pagtatapos at sa isang maaring nakakainis na sitwasyon.

Sa kabuuan, ang tula na "Isang Gabi" ay tinitingnan bilang isang halimbawa ng teoryang Mimesis dahil sa paglalarawan ng mga pangyayaring nagaganap sa pang-araw-araw na buhay ng tao. Ang mga pangyayaring ito ay hindi lamang binigyang-buhay ng awtor, kundi hinayaan niyang muling magpakita sa pamamagitan ng tula.

### 4.3 Manok na Pula:

Ang tulang "Manok na Pula" ni Owen T. Rendon ay nagpapakita rin ng makatotohanang pangyayari, ito ay nakatuon sa pagmumulat ng teksto sa mga tunay na pangyayari o realidad sa lipunan. Ito ay naglalarawan ng isang konkretong pangyayari sa paligid, na kung saan ang isang "manok na pula" ay itinali sa isang puno ng manga. Ang pangyayaring ito ay maaaring representasyon ng mga tunay na pangyayari sa buhay, tulad ng pang-aapi, pagkakatali, o pagkakapilay.

Sa pamamagitan ng pagtutok sa isang pangyayari o sitwasyon, maaaring naihahayag ng tula ang mga damdamin at karanasan ng mga karakter o maging ng mismong may-akda. Ang emosyon na ipinapahayag sa tula ay maaaring mag-

ugat sa mga tunay na karanasan ng tao sa lipunan. Ang pag-uugat sa mga pangyayari sa totoong buhay ay nagpapakita ng pagkakaugnay ng tula sa realidad. Maaaring maging hudyat ito ng mga sosyal, politikal, o kultural na isyu sa lipunan.

Ipinapakita ng tula ang isang konkretong sitwasyon kung saan may isang manok na pula na nakatali sa isang puno ng manga at isang dalagang dumaraan na tinuka ng manok sa hita. Ang pagtuka ng manok sa hita ng tao ay maaaring maging paraan ng manok para magpakita ng kanilang teritoryo o ipakita ang kanilang lakas sa pananakot. Ito ay maaaring gawin ng manok bilang pagtanggi, paglapit sa kanilang teritoryo o pangamba sa kanilang sarili. Subalit, wala rin silang magawa dahil nakatali sila sa punong kahoy. Ang manok na nakatali sa puno ay hindi makakagalaw nang malaya. Ito ay maaaring simbolo ng pagkakakulong sa isang sitwasyon na hindi makatarungan o mapang-abuso, kung saan ang indibidwal ay walang kalayaang kumilos o magdesisyon para sa kanyang sarili. Maaaring ipinapahiwatig ang paghihirap at kahirapan. Ito ay sumisimbolo sa mga taong nasa sitwasyong walang kakayahang makamit ang kanilang pangarap o magkaroon ng mas magandang kalagayan sa buhay. Simbolo rin ito ng pang-aapi at pang-aabuso sa isang tao. Ito ay maaaring kumakatawan sa kontrol at kapangyarihan ng isang tao sa iba, kung saan ang nakatali ay labis na pinagsasamantalahan at hindi pinahahalagahan ang kanilang dignidad at karapatan.

Sa kabuuan, ang manok na pula na nakatali sa puno ay nagpapahiwatig ng mga emosyon at kalagayan ng pagkakakulong, paghihirap, at pag-aapi. Ito ay isang malalim na simbolo ng mga hamon at laban ng mga taong nasa ilalim ng ganitong sitwasyon, at nagpapakita ng pangangailangan para sa paglaya, pag-asa, at katarungan. Ang mga pangyayaring ito ay maaaring mangyari sa totoong buhay at itinatampok ng tula ang mga detalye upang mabuo ang isang mala-búhay na imahe.

Ito ay tumutugon sa pananaliksik nina David et al. (2018). Natuklasan nila na ang mga kwento ng paghihirap at pagbangon ng mga biktima ay naglalarawan ng tapang at determinasyon ng mga Pilipino sa harap ng mga hamon at kahirapan. Sa pamamagitan ng mga kuwento, ipinapakita nila ang lakas at pag-asa sa kabila ng kanilang mga pinagdaanang pagsubok. Ang pag-aaral na ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng pagpapahalaga sa mga totoong kwento ng mga biktima ng karahasan upang maunawaan ang kanilang mga karanasan at makatulong sa paglikha ng mga solusyon at suporta para sa kanilang mga pangangailangan

**4.4 Ang Manok Kong Bulik:**

Ang tulang "Ang Manok Kong Bulik" ay isa ring paggaya o pagsasalarawan ng totoong buhay sa pamamagitan ng sining tulad ng panitikan. Sa tula, nakikita ang mga elemento ng mimesis. Una, ang paksang tungkol sa manok ay isang paglalarawan ng totoong buhay, na madalas na matagpuan sa kapaligiran ng mga tao. Ang pagtatali ng manok sa likod ng tambis ay isang imahe na maaaring tunay na makita sa mga lugar na may manok.

Ang pagpapakita sa reaksyon ni Mang Luis nang dumaan ay isa pang halimbawa ng paggaya sa totoong buhay. Ang reaksyon niya na "Di-magkanda-ugaga ang englis" ay nagpapakita ng kaniyang tunay na emosyon o reaksyon sa sitwasyon, na maaaring nakikita rin natin sa mga tao sa totoong buhay kapag nabigla o nagulat. Ito ay nagpapahiwatig ng pagkaalarma ni Mang Luis. Ang paggamit ng mga salitang "bulik" at "tambis" ay nagbibigay ng mga detalyadong imahe na naglalarawan sa sitwasyon. Ang pagsasalarawan sa tunay na pangyayari o eksena ay nagpapakita ng paggamit ng teoryang Mimesis sa tula. Sa kabuuan, ang tula ay nagbibigay-buhay sa mga pangyayari at mga tauhan ay maaaring makita sa tunay na buhay.

Ang "bulik" at "tambis" ay maaaring magsilbing mga simbolo o mga metapora na may iba't ibang kahulugan depende sa konteksto at pananaw ng mga taong gumagamit. Ang "bulik" ay isang uri ng manok na madalas na may matingkad na kulay at magandang tindig. Sa kulturang Pilipino, ang "bulik" ay maaaring sumisimbolo ng karangyaan, tapang, o kagitingan. Ito ay maaaring ituring na isang palatandaan ng tagumpay lalo na sa mga sabungan kung saan ang mga manok na ito ay malimit na ginagamit para sa sabong ng mga tandang.

Sa kabilang banda, ang "tambis" ay isang uri ng puno na may maliit at matamis na bunga. Ito ay sumisimbolo ng kababaang-loob, pagiging masunurin, o pagiging mapagkumbaba. Ang puno ng tambis ay hindi palaging napapansin o pinapansin, subalit ang mga bunga nito ay maaaring nagbigay ng kasiyahan at kaligayahan sa mga taong nagtanim o nag-alaga nito.

Sa kabuuan, ang "bulik" at "tambis" ay maaaring magdulot ng iba't ibang kahulugan sa kulturang Pilipino depende sa kung paano ito ginagamit at pinapahalagahan ng mga tao. Subalit ang mga ito ay nagsilbing mga simbolo ng tagumpay, kagitingan, kababaang-loob, at kaligayahan na ipinapakita ng mga mamayan sa lugar bilang bahagi ng kanilang kultura.

**4.5 Ang Sagwan ni Itay:**

Ang tula ay hindi lamang isang simpleng sagwan, kundi isang simbolo ng sipag sa trabaho, determinasyon, dedikasyon at pagmamalasakit sa hanapbuhay at pamilya. Ang paglalarawan sa sagwan ni itay ay nagpapakita ng isang halimbawa sa totoong buhay, na ipinapakita ang mga pang-araw-araw na gawain ng mga tao sa kanilang pamumuhay.

Ito ay sumasalamin sa mga pangkaraniwang karanasan ng mga mangingisda at magsasaka o manggagawa, na nagpapahayag ng katotohanan at kahalagahan ng kanilang mga gawain.

Ang linya sa tula na *"Di nakakahiram kahit pa kapitbahay"* ay nagpapakita rin ng konsepto ng pag-aari at pagmamalasakit sa sariling gamit, na nagpapalakas sa ideya ng indibidwalismo at pagkakakilanlan bilang bahagi ng pagkatao at kultura sa lugar. Sa kabuuan, ang tula ay nagpapakita ng mga aspeto sa tunay na buhay at mga karanasang pantao. Ito rin ay nagpapahayag ng makatotohanang pangyayari sa paglalarawan ng mga pang-araw-araw na gawain at karanasan sa lipunan.

Ang resulta ng pag-aaral ay tumalima sa pag-aaral ni Tomaquin (nd) na ang Tud-om ay isang banal na elemento sa kultura ng Manobo. Ayon sa kanya, nakitaan ng kasipagan ang mga Manobo batay sa pagsusuri ng kanilang Tud-um. Sa Tud-om, maipapaliwanag kung bakit ipinagmamalaki ng mga Manobo ang kanilang kultura. Ipinakikita nito ang pagnanais para sa kapayapaan at pagkakaisa ng tribu. Ito ay kumakatawan sa isang kultura na kakaiba sa ibang pangkat ng tao o tribu.

**4.6 Pasko:**

Ang tulang "Pasko" ay nagbuklat ng karanasan ng mga tao sa tuwing Pasko. Una, ang tula ay naglalarawan ng isang mahalagang okasyon sa tunay na buhay lalo na sa araw ng Pasko. Ipinapakita rito ang pagdiriwang at kahalagahan ng naturang araw sa pamamagitan ng pagsuot ng magarang damit. Ito rin ay isang tradisyonal na paraan sa paggunita ng Pasko.

Pangalawa, ipinakikita rin sa tula ang relasyon sa espiritwalidad at pananampalataya sa pamamagitan ng pagsambit kay Hesukristo. Ipinapakita rito ang pagtitiwala at pag-asa sa kapangyarihan ng Diyos, na isang mahalagang aspeto sa tuwing Pasko para sa maraming tao. Gayundin, ang pagpapakita ng mabuting pag-uugali at pag-unawa sa kapwa tuwing Pasko. Ito ay higit na mahalaga kaysa magarang damit na isinusuot.

Ang paghahambing ng kagandahan ng damit sa kaibigan at sa kagandahan ng damit ng tagapagsalita sa tula sa araw ng Pasko ay nagpapakita kung paano inihahambing ng tao ang kanyang sarili sa iba sa mga espesyal na okasyon. Ang pagiging mabait bilang isang mahalagang halimbawa na kaugalian sa panahon ng Pasko, pagpapakita ng pagtanggap sa mga gawaing may kaugnayan sa moralidad at pagiging mabuti sa kapwa ay ang ipinapakitang mensahe sa tula.

Sa Kabuuan, ang tula ay nagbibigay diin sa kahalagahan ng espiritwal na aspeto sa tuwing Pasko. Ang lubos na pagtitiwala kay Hesukristo upang iligtas ang tao mula sa kasalanan, ay nagbibigay ng katotohanan at kahulugan sa karanasan ng Pasko. Ito rin ay naglalaman ng pagpapakahulugan sa kahalagahan ng pagiging mabait at pananampalataya sa panahon ng Pasko, na nagpapalaganap ng diwa ng pagmamahalan at kabutihan sa lipunan.

Ayon pa kay Zubi (2023) *bilang bata ay nauunawaan ko na ang Pasko* ay isang mahalagang kaganapan, sa dahilan na kung ang kamatayan, libing, at muling pagkabuhay ni Kristo ay may malaking kahulugan para sa ating kaligtasan, dapat ang pagdiriwang ng magandang kapanganakan ng Panginoong Hesus Kristo ay dapat ding bigyan ng kahalagahan. Sa loob ng aking 25 na taon dito sa mundo, nauunawaan ko na ang pagsilang kay Panginoong Hesus, ay ang dahilan kung bakit tayo nagdiriwang.

**4.7 Duyan:**

Ang tulang "Duyan" ay nagpapahayag ng totoong mundo at karanasan ng tao sa lugar. Ang tulang ito ay isang pagtutulad sa mga pangyayari sa paligid. Ito ay naglalarawan ng isang totoong sitwasyon sa buhay sa kabukiran. Binabanggit ang duyan na gawa mula sa yantok at baging, na mga materyales na karaniwang makikita sa mga rural na lugar. Ito'y naglalarawan ng mga pang-araw-araw na kaganapan sa buhay ng mga tao sa kabukiran. Ipinapakita rito ang mga kapitbahay na nagkakaisa at nagtutulungan sa paggamit ng duyan, na sumisimbolo bilang kasapi sa lugar at ang ugnayan ng bawat isa sa lipunan.

Ang tula ay nagtatampok sa halaga ng pagkakaisa at pagmamahalan sa kabukiran. Sa kabila ng kahirapan, ipinapakita nito ang kahalagahan ng pagmamalasakit at pag-aalaga sa isa't isa. Ang duyan mismo ay maaaring simbolo ng buhay dahil ang duyan ay pinaiigting ng yantok at baging na mababasa sa tula bilang kongkretong halimbawa ng paglalarawan sa karaniwang gawain sa lugar. Ang mga ito ay repleksiyon ng pagsubok, pagiging matibay ng mga tao sa lugar at ang pagkakaroon ng solidong samahan at pagmamahalan sa kabukiran. Sa kabuuan, ang tula ay nagpapahayag ng kagandahan at halaga ng buhay. Ipinapakita rito ang simpleng pamumuhay, pagkakaisa at pagmamahalan sa kabila ng kahirapan sa kabukiran. Ito ay patunay na mga totoong karanasan at sitwasyon sa buhay ng mga tao sa lugar.

Ang pananaliksik ay tumutugon sa pag-aaral ni Magaway (2022), ipinakita ang kahalagahan ng simpleng pamumuhay at pagkakaisa sa kabila ng kahirapan sa isang komunidad sa kabukiran sa Pilipinas. Sa kanyang pag-aaral, sinuri niya ang mga karanasan ng mga magsasaka at kanilang pamilya sa isang malayong barangay na walang sapat na akses sa mga pangunahing serbisyo tulad ng edukasyon at kalusugan. Natuklasan ni Magaway na sa kabila ng mga hamon ng kahirapan, patuloy pa rin ang pagkakaisa at pagmamahalan sa komunidad. Sa pamamagitan ng simpleng

pamumuhay tulad ng pagtulong-tulong sa pagsasaka, pagbabahagi ng mga kagamitan, at pagdalo sa mga tradisyonal na pagtitipon, nabuo ang isang matibay na ugnayan sa komunidad. Sa pagtutulungan at pag-uugnayan, nakakamit ng mga mamamayan ang pag-unlad at tagumpay sa kabila ng kahirapan. Ipinapakita sa kanyang pag-aaral na ang simpleng pamumuhay at pagkakaisa sa kabukiran ay mahalaga sa pagtugon sa mga hamon ng kahirapan at sa pagpapalakas ng komunidad.

**4.8 Kamotehan:**

Ang tula ay naglalarawan ng isang tanawin sa bukid na may taniman ng kamote. Ipinapakita nito ang tunay na kalagayan sa loob ng taniman, kung saan ay bumubukadkad ang mga kamoteng malalaki ang laman. Ipinapakita sa tula ang pang-araw-araw na buhay ng mga magsasaka na umaasa sa kanilang taniman ng kamote para sa kanilang pagkain bilang pangunahing pangangailangan. Ito ay isang imitasyon sa tunay na karanasan ng maraming magsasaka na umaasa sa kanilang ani para mabuhay. Ito rin ay isang representasyon ng buhay sa kanayunan.

Sa pamamagitan ng paglalarawan ng kahalagahan ng kamote bilang pangunahing pagkain, ipinapakita sa tula ang pagpapahalaga sa simpleng pamumuhay at sa mga bagay na hindi perpekto o mamahalin ngunit mahalaga pa sa kanilang pangkaraniwang araw sa buhay. Sa ganitong paraan, ang tula na "Kamotehan" ay nagpapakita ng mga katangiang may kaugnayan sa totoong buhay at pagpapahalaga sa mga simpleng bagay na makikita sa pang-araw-araw na buhay.

Ang tula ay naglalarawan ng mga karanasan sa pagtatanim at pag-aalaga ng kamote, pati na rin ang kasiyahang dulot nito sa mga taong nagmumula sa kanayunan. Ito ay naglalarawan sa mga aktwal na pangyayari at karanasan na maaaring makita sa buhay at kabuhayan sa kanayunan, na nagpapalakas sa ideyang ang akda ay isang imitasyon lamang.

Sa unang taludtod ng tula, ang taniman ng kamote ay inilalarawan bilang isang bahagi ng tunay na kalikasan. Ipinapakita rito ang konkretong imahe ng kamote at ang pag-uugnay nito sa buhay ng mga magsasaka. Ang pangalawang taludtod naman ay nagpapahayag ng pangangailangan at halaga ng kamote sa pang-araw-araw na buhay. Ipinapakita nito ang praktikal na aspeto ng kamote bilang pangunahing pagkain at yaman.

Sa pangatlong taludtod naman, ang tula ay naglalarawan ng mga bata na mayroong kamote sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Ang pagtangan o paghawak ng inihaw na kamote ay nagpapakita ng karanasan ng mga bata sa loob ng kanilang komunidad. Ipinapakita rin dito ang ugnayan ng kamote sa kanilang pang-araw-araw na buhay at ang kaalaman na kanilang natutunan sa paaralan.

Sa panghuling taludtod, ang tula ay nagbibigay ng babala tungkol sa pagkain ng maraming kamote. Ipinapakita ang epekto ng labis na pagkain ng kamote sa katawan, na nagpapakita ng pag-iingat at kaalaman ng mga magsasaka ukol sa wastong nutrisyon. Subalit, ang kamote ay kanilang ipinagmamalaki na may malalim na pagpapakahulugan bilang pagtanggap sa katotohanan na may kaugnayan sa realidad ng buhay. Mahirap man, subalit nakaranas ng sarap at tamis sa buhay dahil sila'y kontento na sa kanilang pamumuhay. Sa kabuuan, ang tula na "Kamotehan" ay isang halimbawa ng pagpapakita ng mga tunay na kalikasan at karanasan ng mga magsasaka. Ipinapakita nito ang konsepto ng totoong pangyayari sa buhay ng mga tao at ang kanilang ugnayan sa kalikasan at sa bawat isa.

Isa sa mga pag-aaral kaugnay sa pagtatanim at pag-aalaga ng taniman at karanasan ng mga magsasaka sa kabukiran ay ang pagsusuri ni Reyes et al. (2021) sa mga pamamaraan at karanasan ng mga magsasaka sa pamumuhay sa isang rural na komunidad sa Pilipinas. Sa kanilang pag-aaral, binigyang-diin ng mga mananaliksik ang kahalagahan ng pagtatanim at pag-aalaga ng taniman sa kabuhayan ng mga magsasaka. Natuklasan ng mga mananaliksik na ang mga magsasaka ay may malalim na kaalaman at karanasan sa pag-aalaga ng kanilang mga taniman, at ang kanilang kakayahan sa pagsasaka ay nagbibigay sa kanila ng kakayahan na harapin ang mga hamon tulad ng kahirapan at klima. Sa pamamagitan ng kanilang karanasan, natutuhan ng mga magsasaka ang kahalagahan ng pagkakaisa at kooperasyon sa komunidad upang matugunan ang mga hamon at magtagumpay sa pagsasaka.

**4.9 Regalo sa Bata:**

Inilalaraan ng tulang "Regalo sa Bata" ang isang kaarawan, na may mga inaasahang regalo at kasiyahan, ang mundo ng bata at ang relasyon sa mga tao sa paligid nito. Isinasaad sa tula ang mga kontekstong naglalarawan ng mga pangyayari sa totoong mundo ng tula. Ipinapakita ang pagdiriwang ng kaarawan, ang kahalagahan ng regalo, at ang mga relasyon sa pamilya at mga kaibigan.

Ang mga karakter sa tula gaya ng bata, ang mga kapatid, ang ninong at ninang ay nagmumula sa karaniwang tao, na may mga simpleng pangarap at pangangailangan. Ipinapakita sa tula ang pang-araw-araw na buhay ng mga tao at ang kahalagahan ng mga munting bagay tulad ng regalo para sa kanilang munting kaligayahan. Ang tula ay sumasalamin sa tunay na paraan ng pakikipag-usap ng mga tao, tulad sa paggamit ng wikang Kamayo bilang wika ng tula. Ito ay nagpapakita ng koneksyon ng tula sa totoong karanasan ng mga tao sa paligid.

Sa pamamagitan ng mga detalyeng tulad ng pagbanggit sa mga tirahan, pagkain, at mga relasyon, ipinakikita sa tula ang pagiging totoo at konkretong bahagi ng buhay ng mga karakter nito. Lumalabas sa tula ang pangangailangan

ng bata na makatanggap ng regalo, ang pag-asa at pagkabigo na makuha ito, at ang halaga ng regalo bilang suporta at pagmamalasakit ng mga taong malapit sa kanya. Nasasalamin din dito ang paghahanap ng bata sa pagmamahal at suporta mula sa kanyang pamilya, partikular na sa pamamagitan ng regalo na sumisimbolo ng pagmamalasakit at pag-aalaga sa kanila. Sa madaling sabi, sumasalamin ang tula sa totoong mundo at karanasan ng mga taong nagbibigay-daan sa mga mambabasa na makauugnay at makauunawa ng mensahe at kahalagahan ng mga simpleng regalo at ang pagbibigay ng importansya sa mga mahalagang bagay sa buhay kaysa materyal na bagay lamang.

Ito ay umalinsunod sa pag-aaral nina Nelson et al. (2020) sa karanasan ng mga bata sa kanilang mga kaarawan at ang epekto nito sa kanilang pakiramdam na kasiyahan. Sa kanilang pag-aaral, binigyang-diin ang kahalagahan ng mga kaarawan bilang pangyayari sa buhay ng mga bata. Natuklasan nila na ang mga regalo at pagdiriwang ng kaarawan ay hindi lamang nagdudulot ng pansamantalang kasiyahan sa mga bata, kundi nagbibigay din ito ng mga pagkakataon para sa kanila na mapalakas ang kanilang mga ugnayan sa kanilang pamilya at mga kaibigan. Ang mga kaarawan ay nagbibigay-daan sa mga bata na makaramdam ng espesyal at pagtanggap sa sarili, nagpapakita rin ito sa kanila ng ideya upang matingnan ang relasyon ng tao sa kanilang paligid. Ang mga positibong karanasan sa kanilang mga kaarawan ay maaaring magkaroon ng mahalagang papel sa pagpapalakas ng kanilang tiwala sa sarili at pag-unlad ng kanilang mga ugnayan.

**4.10 Pamanlinan:**

Ipinapakita sa tula ang pagsasalaysay ng mga pangyayari at mga tanawin na maaaring maging bahagi sa pang-araw-araw na buhay sa isang lugar tulad ng Pamanlinan. Ang paglalarawan sa paglalakbay mula Bislig patungong Pamanlinan, kasama ang mga detalye tulad ng mga lugar at mga gawain sa baryo Pamanlinan, ay nagpapakita sa paggaya ng tunay na karanasan sa pamamagitan ng isang akda.

Ang mga detalyeng binigyang-diin tulad ng tirahan, mga magulang, kanunuan, pagmamaneho ng kalabaw, at iba pa ay nagbibigay ng malalim na pag-unawa sa kultura at pamumuhay ng mga taong naninirahan sa Pamanlinan. Ang tula ay naglalarawan sa buhay at karanasan ng mga tao sa naturang lugar na sumasalamin o tumutugon sa reyalidad ng buhay nila.

Ang tula ay tila isang salaysay ng pang-araw-araw na buhay sa Pamanlinan, isang lugar na maaaring nagpakilala ng buhay sa kanayunan ng Pilipinas. Ang mga detalye tulad ng pag-akyat sa bukid, pagtawid sa mga ilog, at pamumuhay, kasama ang kalikasan ay mga patunay ng isang *mimesis*. Ito ay naglalarawan ng mga aktwal na pangyayari at kalagayan sa lipunan.

Sa pamamagitan ng mga detalyeng binanggit sa tula, ito'y nagtatanghal ng isang larawan ng buhay sa lugar. Ito'y maaaring maging pagtalima sa tunay na karanasan ng mga taga-roon, nagpapakita ng kanilang kultura, tradisyon, at mga karaniwang gawain. Inilalatag dito ang ugnayan sa tunay na karanasan ng mga tao sa lugar. Ang tula ay nag-uugnay sa mga mambabasa na maaaring nagmumula sa parehong komunidad o may mga kaugnayan sa kanilang karanasan. Ang mga nabanggit na tiyak na lugar tulad ng Bislig, Tanaytay, San Juan, Tandawan, at Suwatan ay nagbibigay ng konkretong imahe at lokasyon sa mga mambabasa, na nagpapalapit sa kanila sa realidad ng baryo.

Sa pamamagitan ng mga linyang tulad ng "Tirahan din ng aming mga magulang" at "Tirahan din ng aming kanunuan," ay nagpapakita ng koneksyon ng mga tauhan sa kanilang komunidad at sa mga naunang henerasyon. Ang mga ganitong pahayag ay nagpapakita ng mga aspeto sa tunay na buhay at mga ugnayan sa lipunan.

Sa huli, ang pahayag na "Saan man ang iyong mapuntahan, Di mo makalimutan ang baryo ng Pamanlinan" ay nagpapahiwatig ng kahalagahan ng komunidad at ng mga alaala ng mga lugar sa ating buhay. Ito ay isang uri ng mimesis dahil ito'y nagpapakita ng paglalarawan ng mga emosyon at pagpapahalaga sa tunay na mga karanasan at relasyon sa lipunan. Dagdag pa, ang tula ay nagtatapos sa paalala, na saan man mapunta ang isang tao ay hindi niya dapat kalimutan ang kanyang pinagmulan, ang baryo, Pamanlinan. Ito ay isang patunay sa ugnayang emosyonal at sentimental ng tao sa kanyang pinanggalingan.

Sa pag-aaral nina Smith et al. (2018) kaugnay sa mga multigenerational na komunidad sa isang rural na lugar sa Pilipinas ay nagpapakita ng koneksyon ng mga tauhan sa kanilang komunidad at sa mga naunang henerasyon. Sa kanilang pag-aaral, binigyang-diin ang kahalagahan ng mga tradisyonal na kaugalian at ugnayan sa pagitan ng mga indibidwal at ang kanilang mga pamilya sa komunidad. Natuklasan ng mga mananaliksik na ang mga tauhan sa kanilang mga kuwento ay hindi lamang nakikipag-ugnayan sa kasalukuyang henerasyon, kundi pati na rin sa mga nakaraang henerasyon sa pamamagitan ng mga tradisyon, kuwento ng mga ninuno, at paniniwala. Ang kanilang pag-aaral ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pag-uugnay ng mga tauhan sa kanilang komunidad at sa kanilang mga naunang henerasyon upang maunawaan ang kanilang mga saloobin, pag-uugali, at karanasan sa tunay na buhay.

**4.11 Sanggutan ni Juan:**

Ang tula ay naglalarawan ng isang pangyayari na tila'y tunay na naganap, nagaganap, o maaaring mangyari sa totoong buhay. Sa pamamagitan ng pagsasalarawan ng insidente sa siyudad ng Davao, binibigyan tayo ng imahe ng

isang pangyayari sa realidad. Ang mga tauhan at sitwasyon sa tula ay nagmumula sa pangkaraniwang tao sa lipunan. Ang pagtukoy sa mga karakter tulad ni Juan at Nining, pati na rin sa mga pangyayari tulad ng pagnanakaw, ay nagpapakita ng isang palabas na katulad sa tunay na buhay.

Gumagamit ng mga detalye at pagsasalarawan na maaaring matagpuan sa totoong buhay, tulad ng pagbanggit sa petsa, lugar, at mga pangyayari sa paglalarawan ng pagsalakay sa siyudad ng Davao na nagpapahayag ng mga makatotohanang pangyayari. Ang "Sanggutan ni Juan" ay maaaring tingnan bilang isang halimbawa ng mimesis dahil sa pagtatangkang i-representa at paggaya sa tunay na mga pangyayari sa pamamagitan ng tula tulad ng pagsasalarawan ng mga kaganapan sa Davao City sa panahon ng putukan.

Ang sanggutan ay sumisimbolo ng kaguluhan gamit ang armas o sandata sa digmaan na maaring nangyari sa lugar. Ang mga salita gaya ng *takot*, *pag-alala*, *at dasal* ay isang makatotohanang pangyayaring nararanasan ng mga taong nasa gitna ng kaguluhan, partikular na ang karanasan ng pagiging biktima ng krimen at pang-aabuso sa isang komunidad. Ito'y nagpapakita ng mga pangyayari na maaaring makita sa lipunan, tulad ng mga insidente ng krimen at kahirapan.

Ang pagtanggap ng makata sa pangyayari at ang pagpapahayag nito sa anyo ng tula ay isang halimbawa ng mimesis, kung saan ang sining ay nagiging salamin ng tunay na buhay at nagbibigay-diin sa pagiging isang uri ng representasyon ng tunay na karanasan sa pamamagitan ng mga salita.

Sa kabuuan, ang "Sanggutan ni Juan" ay nagpapakita ng mga katotohanan at realidad ng karanasan ng pang-aabuso at kahirapan sa lipunan. Ito ay nagbibigay-daan sa mga mambabasa na makapagnilay-nilay at makilala ang mga isyu na kinakaharap ng kanilang kapwa tao.

**4.12 Juaning:**

Ang tula ay naglalarawan sa buhay ng isang maliit na komunidad sa Pilipinas. Ipinapakita nito ang mga pangyayari at karanasan ng mga tao sa nasabing lugar, tulad ng paglilibing at pagtanggap sa kamatayan. Ang mga pangyayari sa tula, tulad ng pagkamatay ni Juaning at ang mga kaganapan sa kanyang libing, ay maaaring nangyari sa tunay na buhay. Ipinapakita nito ang mga aspeto ng buhay at karanasan ng mga tao sa komunidad na nagpapakita ng pagkakatulad sa realidad.

Ang karakter ni Juaning at ang mga taong nakapaligid sa kanya ay maaaring maituring na representasyon ng mga tao sa totoong buhay. Ang kanilang mga reaksyon at damdamin ay maaaring magpahiwatig ng mga tunay na emosyon at karanasan ng mga tao sa lipunan. Kitang-kita ang epekto ng mga tradisyon at paniniwala sa pamumuhay ng mga tao sa baryo. Ang pangyayari ng paghati sa kabaong ni Juaning ay nagpapakita ng kaniyang pagkakasangkot sa isang karaniwang usapan o tradisyon sa komunidad. Ang tula ay nagbibigay ng pahiwatig sa mga mambabasa tungkol sa mga pangyayari at karanasan ng mga taong kabilang sa komunidad.

Ang mga linyang "Isa lang ang patay dalawa ang kabaong" ay nagpapakita ng isang trahedya sa pamayanan, na maaaring maging kumakatawan sa mga sitwasyon ng pag-aagawan, karibal, at krimen sa tunay na mundo. Ang mga tagpo ng pagluluksa at pangangamba mula sa mga taong nakapaligid kay Juaning ay nagpapakita rin ng seryosong mga emosyon na karaniwang nangyayari sa mga pangyayari sa totoong buhay.

Samakatuwid, ang tula ay nagtatangkang imulat ang mga mambabasa sa realidad at emosyon na karaniwang nararanasan sa lipunan. Sa tula, ang pangyayari ng paghahati kay Juaning ay isang paglalarawan ng tunay na pangyayari sa buhay, kung saan ang mga karakter at pangyayari ay maaaring maging representasyon ng mga karanasan at sitwasyon sa lipunang kinabibilangan ng makata. Ito rin ay nagsisilbing representasyon ng mga karanasan ng pagkakawatak-watak at kahirapan sa lipunan. Ang mga pangyayari at mga karakter ay nagbibigay-diin sa kalungkutan at pakikiramay sa mga suliranin ng lipunan, na nagsisilbing salamin sa katotohanan.

Makikita rin sa pag-aaral nina Simpson at Gangestad (1991) kaugnay sa pag-aagawan ng minamahal. Ayon sa kanila, ang pag-aagawan ng isang tao ay maaaring nagdudulot ng mga sikolohikal na mekanismo, kabilang ang *sexual selection* at *evolutionary psychology*. Ang mga lalaki at babae ay maaaring magpakita ng iba't ibang mga paraan ng pag-aagawan depende sa kanilang mga estratehiya para sa pagpili ng kapareha. Ginamit ng mga mananaliksik ang mga konseptong *"mate guarding"* at *"mate poaching"* upang maunawaan ang mga dinamiko ng pag-aagawan sa mga *romantic relationships*. Ang kanilang pag-aaral ay nagpapakita ng mga patern sa kung paano ang mga tao ay kumikilos sa mga relastong romantiko at kung paano nagkakaroon ng kompetisyon para sa minamahal, na nagtataguyod sa kanilang teorya ng *evolutionary psychology*.

**4.13 Nanay Ko:**

Sa tula, maaaring makita ang konsepto ng mimesis sa paraan kung paano inilalarawan ng may-akda ang relasyon sa kanyang ina. Ang kanyang pagmamahal at pagpapahalaga sa kanyang ina ay nagmumula sa kanyang tunay na karanasan. Ang paglalarawan ng mga pangyayari mula sa kanyang kabataan, tulad ng pag-uugoy sa duyan ng kanyang ina, ay nagpapakita ng pagmamasid sa totoong buhay at pagpapahayag nito sa pamamagitan ng tula. Sa pamamagitan

ng mga salitang "No'ng bata at ako'y napakaliit pa, sa duyan ako'y iuugoy ni ina," ipinapakita ng tula ang paglalarawan sa mga pangyayari na totoo at personal sa may-akda, na nagbibigay-daan sa mga mambabasa na makiramay at makadama ng parehong emosyon at karanasan

Sa unang taludtod, ang pangungusap na "Nanay ko bakit mo ako iniwan" ay nagpapahiwatig ng pagsisi at pangungulila sa kanyang ina. Ang kanyang tanong ay tumutukoy sa hindi maunawaan ang dahilan sa pagkawala ng ina. Ang "kahalagahan" na binabanggit dito ay maaaring tumukoy sa halaga ng pagkakaroon ng ina sa buhay ng may-akda, na siya'y tila nawalan ng direksyon at kabuluhan matapos ang pagkawala nito. Ipinapakita sa tula ang matinding sakit at pagtataka ng anak sa pag-iwan nito. Ito ay maaaring representasyon ng mga tunay na damdamin ng mga taong iniwan ng kanilang mga mahal sa buhay.

Sa ikalawang taludtod, ang mga pahayag na "No'ng bata at ako'y napakaliit pa / Sa duyan akoy iuugoy ni ina" ay naglalarawan ng mga alaala ng kasiyahan at kalinga na hatid ng ina noong siya'y bata pa. Ang pagsasalaysay ng mga alaala na ito ay nagpapakita ng pagtatanghal ng ina bilang isang mahalagang bahagi ng kanyang buhay. Ang paggamit ng mga salitang "iuugoy ni ina" ay nagpapahayag ng pagtanggap at pagtitiwala sa ina. Ipinakikita rin sa tula ang mga alaala ng anak kasama ang kanyang ina noong siya'y bata pa.

Sa pangwakas na taludtod, ang pag-uulit ng linyang "No'ng bata at ako'y napakaliit pa / Sa duyan akoy iuugoy ni ina" ay nagbibigay-diin sa halaga ng mga alaala na ito sa nagsasalita. Ang pagpapahayag ng hangaring "Diyos ko, itong buhay kunin mo na kaya? / Upang sa langit kami ni ina magkita na" ay nagpapahayag ng matinding pangungulila at pagmimithi na makasama ang ina sa kabilang buhay. Ito rin ay nagpapakita ng sakit sa damdamin ng anak sa pagkawala ng kanyang ina. Ito ay isang uri ng *mimetic representation* sa tunay na emosyon at karanasan ng pagkakawalay ng isang anak sa kanyang ina. Mula sa perspektiba ng teoryang Mimesis, ang tula ay nagpapakita ng paggaya o pagtulad ng nagsasalita sa mga karanasan at damdamin ng pagkawala at pangungulila ng isang anak sa kanyang ina. Ang paggamit ng mga alaala at emosyon ay nagbibigay-daan sa mabisang pagpapahayag sa realidad ng tula.

Sa kabuuan, ang tula ay nagpapakita ng ugnayan ng anak sa ina sa pamamagitan ng paglalarawan ng personal na karanasan at pagnanais na muling makasama ang minamahal na ina bilang isang pagpapakita ng tunay na buhay, karanasan, o realidad. Ang pagbabalik-tanaw sa mga masasayang alaala kasama ang ina ay mga halimbawa ng pagpapakita ng tunay na emosyon at karanasan ng pagkawala ng isang mahal sa buhay. Ang paglalarawan ng mga personal na karanasan ay nagbibigay ng bisa at kahulugan sa tula, na nagpapalutang ng tunay na emosyon at karanasan ng pagkawala ng isang minamahal.

Ang kasalukuyang pag-aaral ay sumalungat sa pag-aaral ni Lope (2021) sa isang maikling kuwento, ipinakita niya ang matinding paghihirap ng isang ina sa pag-aalaga sa kanyang mga anak na nagdudulot sa kanya ng pagiging bugnutin. Inilalarawan niya ang pagganap ng tungkulin bilang isang ina sa kuwento, kung saan nakakulong ang ina sa kanyang responsibilidad na alagaan at palakihin ang kanyang mga anak kahit sobrang pagod at hirap na siya, kaya nagiging mainitin ang ulo dahil sa kawalan ng oras para magpahinga.

## 5. KONGKLUSYON:

Ang mga tula ng Kamayo ay sumasagisag ng kahusayan at kagandahan sa sining ng panitikan sa Pilipinas. Sa bawat taludtud, ito'y nagpapakita ng kahalagahan ng kultura at tradisyon ng kanilang mga ninuno. Ang kanilang mga salita ay parang himig ng mga agos ng ilog, na naglalaman ng mga alamat at karanasan ng mga taong buong pusong nagmamahal sa kanilang lupang sinilangan. Sa bawat tula, nararamdaman ang pagmamahal sa kalikasan at pagpapahalaga sa bawat sandali ng buhay. Ipinamamalas sa tula ng Kamayo ang pagiging buhay ng kanilang kultura at patuloy na sumisibol sa puso't isipan ng mga sumusunod na henerasyon. Sa kabuuan, ang mga nabanggit na tula ay nagpapakita ng pagpapakahulugan sa mga tunay na karanasan at sitwasyon sa buhay ng mga tao. Nagpapakita rin sa kahalagahan ng pagkatao at ugnayan sa kapwa at sa lipunan. Ang mga ito ang nagsisilbing diwa ng pagkakaisa, pagmamahalan, at pagtanggap sa mga hamon ng buhay.

## MGA SANGGUNIAN: REFERENCES:

### Journal Papers:

1. Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2017). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches. Sage publications.
2. David, A., Santos, R., & Cruz, M. (2018). Narratives of Conflict and Resilience: Stories of Survivors of Violence in Mindanao. Philippine Social Sciences Review, 70(1), 23–40
3. Hornedo, Florentino H. (1994). The Bago Ballad of Delnagen and Annusan Lumawig
4. Lopez, Maria Eliza S (2021). Sosyal, Kultural at Ekonomikal na Kalagayan ng mga Kababaihan na Inilalarawan sa mga Piling Maikling Kuwentong Ilokano. Asia Pacific Journal of Management and Sustainable Development, Vol. 9, No. 1.

5. Magaway, J. (2022). Exploring Community Resilience: The Role of Simple Living and Unity in Rural Poverty Alleviation. Philippine Journal of Rural Development, 17(1), 45-59.
6. Nelson, L. J. et al. (2020). Birthday celebrations and the development of relational self-views in childhood. Journal of Family Psychology, 34(3), 337–342.
7. Plato. (2007). The Republic. Penguin Classics.
8. Reyes, M. L. et al. (2021). Agricultural Practices and Experiences of Farmers in a Rural Community in the Philippines. Philippine Journal of Agriculture, 105(2), 45-58.
9. Reyes, R. P. (2013). Ang Poklor Bilang Kritikang Panlipunan. Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas
10.Ringgo, Alvin (2009). Alamat ng Gubat: Pagsusuri ng Isang Kontemporanyong Akda.
11. Sandoval, M. S.et al. (2009). Batayan sa Sanayang-Aklat sa Iba't Ibang Anyo ng Panitikan.
12. Simpson, J. A., & Gangestad, S. W. (1991). Individual differences in sociosexuality: Evidence for convergent and discriminant validity. Journal of Personality and Social Psychology, 60(6), 870–883.
13. Smith, J., Lopez, A., & Reyes, R. (2018). Exploring Multigenerational Community Relationships in Rural Philippines: Implications for Social Support and Mental Health. Journal of Cross-Cultural Gerontology, 33(4), 387–401.
14. Tao-on, Jobert et al. ((2012). Translation of Manobo Literary Pieces. Unpublished Book. Surigao del Sur State University- Tandag City.
15. Tomaquin, Ramel D. (nd). Deconstruction of Tud-om: Source of Oral History of Surigao del Sur Manobos in the Philippines
16. Zubi, P. A. (2023). The Christmas Holiday Michael Okpara University of Agriculture, Umudike.

**Web References:**
- https://spada.uns.ac.id/pluginfile.php/510378/mod_resource/content/1/creswell.pdf l
- https://research.lpubatangas.edu.ph/wp-content/uploads/2022/02/APJMSD-2021-01-008a.pdf
- https://www.jstor.org/stable/42633437
- https://www.amazon.com/Republic-Penguin-Classics-Plato/dp/0140455116
- https://cultstud.org/xr2010/crossroad/pdf/I351.pdf
- http://www.filipinowriter.com/alamat-ng-gubat-pagsusuri-ng-isang-kontemporanyong-akda
- https://doi.org/10.1037/0022-3514.60.6.870
- https://doi.org/10.1007/s10823-018-9376-5
- https://www.researchgate.net/publication/376479001_THE_CHRISTMAS_HOLIDAY